



> "Ang ating katawang pisikal *ay* kasangkapan ng ating espiritu."
>
> Pangulong Boyd K. Packer (1924–2015), Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, *Let Not Your Heart Be Troubled* (1991), 211.

# MGA KAGILA-GILALAS NA BAGAY **NA MAGAGAWA NG KATAWAN**

Mula ulo hanggang paa, ang iyong katawan ay isang kagila-gilalas na likha. Dahil dito, ikaw ay makakapinta ng larawan, makakapag-hiking, makakalaro ng football, makakapag-crochet, makakatugtog ng plauta, at makakagawa ng maraming iba pang masasayang gawain.

Tulad ng ipinaliwanag ng propeta sa pahina 50, "Ang inyong katawan, anuman ang mga likas na kaloob nito, ay isang kagila-gilalas na likha ng Diyos. . . . Pag-isipan ang karilagan na nakikita mo kapag tinitingnan mo ang iyong sarili sa salamin . . . isang anak ng Diyos, na nilkha Niya ayon sa Kanyang larawan."

MGA PAGLALARAWAN NI HUGO HERRERA